ut, dum visibíliter Deum cognóscimus, per hunc in invisibílium amorem rapiámur.

Samantalang siya'y kinikilala naming Diyos na nakikita, kami'y sana'y akayin niya sa mga bagay na di-nakikita.

Et ideo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatiónibus cumque omni milítia coeléstis exércitus hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicéntes.— ***Sanctus, Sanctus, Sanctus…***

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — ***Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…***

### Ang Communicantes sa Misa

**Sa aming pakikiisa** at masayang pagdiriwang ng kabanal-banalang araw na Pagsilang, nang walang dungis sa pagkabirhen ni Mariang pinagpala, ng isang Manunubos sa daigdig na ito: at gayundin sa magalang na paggunita sa Mahal na Birheng Maria…*

### Antipona sa Komunyon • *Mt 2:20*

**Tolle** Púerum et Matrem eius, et vade in terram Israël: defúncti sunt enim, qui quærébant ánimam Púeri.

**KUNIN** mo ang Sanggol at ang kaniyang ina. Pumunta ka sa lupain ng Israel, dahil ang mga nagtangakang pumatay sa sanggol ay namatay na.

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Per Huius** Dómine, operatiónem mystérii, et vitia nostra purgéntur, et iusta desidéria compleántur. Per Dominum.

**Panginoon,** sa bisa ng sakramentong ito, malinis nawa kami sa kasalanan at matupad ang aming mga matuwid na hangarin. Alang-alang kay Hesukristong Anak mo…



# LINGGO
## SA LOOB NG WALONG ARAW NA PAGDIRIWANG SA PASKO NG PAGSILANG NG PANGINOON

*Misa "Dum medium"*

• *I cl.* • *Puti*

**Latin Mass Society of Cavite** ©2020
*Kilusan ng Misang Latin sa Lalawigan ng Cavite*
**Comision Para sa Pagsasalin**

### Pambungad na Antipona • *Kar 8:14-15*

**Dum** médium siléntium tenérent ómnia, et nox in suo cursu médium iter háberet, omnípotens Sermo tuus, Dómine, de cœlis a regálibus sédibus venit. — *Ps 92:1* Dóminus regnávit, decórem indútus est: indútus est Dóminus fortitúdinem, et præcínxit se. *V.* Gloria Patri. Dum medium.

**Samantalang** naghahari ang katahimikan sa sanlibutan, sa hatinggabi ay nanaog ang iyong makapangyarihang Salita, O Diyos, mula sa luklukan niya sa langit. — *Salmo 92:1* Ang Panginoon ay hari, nararamtan ng karilagan. Ang Panginoon ay nanamit ng kalakasan, at nagbigkis ng kapangyarihan. *V.* Luwalhati sa Ama. — Samantalang…

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

### Panalangin sa Misa (Kolekta)

Omnipotens sempitérne Deus, dírige actus nostros in beneplácito tuo: ut in nómine dilécti Fílii tui mereámur bonis opéribus abundáre. Qui tecum vivit et regnat.

**Makapangyarihan** at walang-hanggang Diyos, ituwid mo ang aming mga gawain ayon sa iyong kalooban, upang sa ngalan ng Anak mong mahal ay sumaga ang aming buhay sa mabubuting gawa. Siyang nabubuhay at naghahari…

### SULAT • *Gal 4:1-12*

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Galacia.

MGA KAPATID: Habang bata pa ang tagapagmana, hindi siya nakakahigit sa isang alipin kahit na siya ang may-ari ng lahat. Sa halip, siya'y nasa ilalim pa ng mga tagapangasiwa at mga katiwala hanggang sa panahong itinakda ng kanyang ama. Gayundin naman, tayo noon ay nasa ilalim ng mga tuntuning umiiral sa sanlibutang ito hanggang sa tayo'y dumating sa hustong gulang. Ngunit nang sumapit ang tamang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak na isinilang ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan upang palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan. Sa gayon, tayo'y maituturing na mga anak ng Diyos. / At dahil kayo'y mga anak ng Diyos, isinugo niya ang Espiritu ng kanyang Anak sa ating mga puso, na tumatawag sa Diyos ng "Ama, Ama ko!" Ginawa na kayo ng Diyos na mga anak at hindi na mga alipin, at kung gayon kayo'y mga tagapagmana niya. — *R.* Salamat sa Diyos.

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Ps 44:3, 2*

| | |
|---|---|
| **SPECIOSUS** forma præ filiis hóminum: diffúsa est gratia in lábiis tuis. *V.* Eructávit cor meum verbum bonum, dico ego ópera mea Regi: lingua mea cálamus scribæ, velóciter scribéntis. | **NAKITA** ng lahat ng bansa ang pagliligtas ng ating Diyos. *V.* Bumubukal ang isang magandang awit sa aking puso. Umaawit ako ng isang tula sa Hari: ang aking dila ay panulat ng bihasang manunulat. |
| Allelúia, allelúia. *V.* Dóminus regnávit, decórem índuit: índuit Dóminus fortitúdinem, et præcínxit se virtúte. Alleluia. | Aleluya, aleluya! *V.* Ang Panginoon ay hari, nararamtan ng karilagan. Ang Panginoon ay nanamit ng kalakasan, at nagbigkis ng kapangyarihan. Aleluya. |

### EBANGHELYO • *Luc 2:33-40*

Ang pasimula ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHONG IYON: Namangha sina Jose at Maria na Ina ni Hesus dahil sa sinabi ni Simeon tungkol sa bata. Binasbasan sila ni Simeon, at sinabi kay Maria, "Tandaan mo, ang batang ito'y nakatalaga sa ikapapahamak o ikaliligtas ng marami sa Israel. Siya ang magiging tanda mula sa Diyos ngunit tutuligsain siya ng marami, kaya't mahahayag ang kanilang iniisip. Dahil dito, magdaranas ka ng matinding kapighatiang parang isang patalim na itinarak sa iyong puso." Naroon din sa Templo ang isang propetang babae na ang pangalan ay Ana, anak ni Fanuel at mula sa lipi ni Asher. Siya'y napakatanda na. Pitong taon lamang silang nagsama ng kanyang asawa, at ngayo'y walumpu't apat na taon na siyang biyuda. Lagi siya sa Templo at araw-gabi'y sumasamba sa Diyos sa pamamagitan ng pag-aayuno at pananalangin. Nang oras na iyon, lumapit siya kina Jose at Maria at nagpasalamat sa Diyos. Nagsalita rin siya tungkol sa sanggol sa lahat ng naghihintay sa pagpapalaya ng Diyos sa Jerusalem. Nang maisagawa na nila ang lahat ng ayon sa itinatakda ng kautusan ng Panginoon, umuwi na sila sa bayan ng Nazaret sa Galilea. Ang bata'y lumaking malusog, puspos ng karunungan, at kalugud-lugod sa Diyos. — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Ps 92:1-2*

| | |
|---|---|
| **DEUS** firmávit orbem terræ, qui non commovébitur: paráta sedes tua, Deus, ex tunc, a sǽculo tu es. | **ITINATAG** ng Panginoon ang sanlibutan, at hindi ito magagalaw. O Diyos, ang iyong luklukan ay natatag na mula noon, ikaw ay mula sa walang pasimula. |

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

| | |
|---|---|
| CONCEDE, quǽsumus, omnípotens Deus: ut óculis tuæ maiestátis munus oblátum, et grátiam nobis piæ devotiónis obtineat, et efféctum beátæ perennitátis acquírat. Per Dóminum. | **MAKAPANGYARIHANG DIYOS**, ipagkaloob mo na ang mga handog na alay sa iyong kadakilaan, ay ipagkamit namin ng biyaya para sa pagsambang matimtim sa Iyo at makamtan namin ang kaligayahang walang wakas. Alang-alang kay Hesukristong Anak mo... |

### PREPASYO SA PASKO NG PAGSILANG

| | |
|---|---|
| **VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnípotens, ætérne Deus: | **TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakagagaling, na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Diyos Amang banal, makapangyarihan at walang-hanggan. |
| Quia per incarnáti Verbi mystérium nova mentis nostræ óculis lux tuæ claritátis infúlsit: | Sapagkat sa hiwaga ng pagkakatawang-tao ng Salita ay tumanglaw sa aming isipan ang liwanag ng iyong kaluwalhatian. |